

CHAPTER ONE

Kampanteng nag-inat si Fatima. Gising na siya pero nakapinid pa rin ang mga mata dahil sa pagkahilo. Hinagud-hagod niya ng daliri ang kanyang sentido bago ibinagsak ang braso sa kama. Saglit siyang natigilan nang may mabagsakan iyong kung ano sa kanyang tabi. Dinama niya iyon. Malambot ang hibla ng telang nakadikit sa kanyang balat kaya inakala niyang isa iyon sa mga stuffed toys na nakapalibot sa kanyang kuwarto.

Bumiling siya para yakapin ang inaakalang stuffed toy pero laking gulat niya nang may madiitan siyang balat. Kinapa-kapa niya iyon, at kinilabutan nang matiyak na iyon ay braso ng isang lalaki.

Dali-dali siyang tumayo, sapo ang ulong lumayo sa higaan.

S-sino ang taong ito? litong tanong niya sa sarili. Pilit niyang inalala ang nangyari nang nagdaang gabi. Natatandaan niya, umuwi siyang hilung-hilo at halos umeekis ang lakad. Galing siya sa shower party ng isang kaibigan. Maaaring lasing siya, oo, ngunit malinaw sa isip niya na wala siyang nakitang lalaki sa naturang party.

Dahan-dahan niyang iniangat ang kumot para silipin ang paanan nito. Pero habang ginagawa niya

iyon ay nagising ang lalaki at ang ginagawa niyang pagsilip ang namulatan nito. Bumalikwas ito.

"W—who are you?" tanong nitong mabilis na bumaba ng kama. Noon niya nakita naka-kremang slacks ito.

Napasiksik ang dalaga sa isang sulok, gulat at medyo takot.

"Hindi mo ba narinig ang tanong ko? Sino ka?" ulit nito.

Huminga siya nang malalim. Kuwarto niya iyon, bakit siya ang tinatanong nito ng ganoon? "T-teka, teka. Hindi kaya ako ang dapat na magtanong kung sino ka?" aniya nang makabawi. "Ano'ng ginagawa mo rito at bakit ka natutulog sa tabi ko?"

"Natutulog sa tabi mo?" Gulat ding napakunot-noo ang lalaki. Kahit nakapagitna sila sa kakatwang sitwasyon iyon, nabigyang-pansin pa rin niya na guwapo at makisig ito. "I'm sorry, Miss, pero nang mahiga ako rito kagabi, wala namang ibang nakahiga rito."

Napamaang siya. "You mean... mas nauna kang natulog kesa sa akin kagabi?"

"Well, I don't know. Basta wala akong nakitang ibang tao nang mahiga ako dito kagabi," sagot nito. "Kung ganoon, ikaw ang yumakap sa akin. Ang akala ko nananaginip lang ako. Totoo pala, niyayakap ako ng isang babae!"

"Hoy! Wala akong nalalaman sa sinasabi mo!"

dependa niya.

“Wala? Bakit mo sinisilip ang... ilalim ng kumot ko? Ano sana ang gusto mong gawin sa akin?”

“Aba, at ako pa ang pag-iisipan mong may gagawing masama sa iyo, eh, ikaw itong basta na lang pumasok sa kuwarto ko!” Dumampot siya ng unan at ibinato rito. “Lumabas ka sa kuwarto ko, walanghiya! Bastos!”

“Hey, wait! Ano ba?” anito habang umiilag.

Stuffed toys naman ang hinagip niya. “Get out of here!”

Hanggang sa makalabas ng kuwarto, sinusundan pa rin ng lumilipad na stuffed toys ang lalaki. At waring hindi pa kontento, hinabol pa niya ito.

“Yolly! Julian!” tawag niya sa mga kasama sa bahay.

“Tumawag kayo ng pulis, madali! May nakapasok na ibang tao sa bahay!”

“Wait! Bakit mo ako ipapupulis?”

“Yolly! Julian! Ano ba kayo? Tumawag sabi kayo ng pulis, eh!” tili pa rin niya.

“Fatima, Gerard... ano ba ‘yan?”

Napalingon ang dalaga nang marinig ang boses na iyon. “T-Tita Margarita!” gulat na sambit niya. “Narito na pala kayo.”

Dali-daling nagpunta sa likuran ng matandang babae ang lalaki. “Ninang, sino ba ‘yang gerera na iyan?” busangot ang mukhang tanong nito.

Ninang? Tinawag nitong ‘Ninang’ ang kanyang

Tita Margarita?

"Siya si Fatima, Hijo. Siya 'yung naikuwento ko sa iyo na nagpapatakbo ng *Aguirre Enterprises*." Napatingin si Doña Margarita sa paligid at sa mga stuffed toys na nasa sahig. "Teka, ano ba'ng nangyari rito?"

"Pinagbabato niya ako," sumbong ng lalaki.

"Paanong hindi kita babatuhin, eh, natulog ka sa kuwarte ko, sa bed ko, sa tabi ko?" sumbat niya.

Napamulagat ang matandang babae. "Ano! M-magkatabi kayong natulog?"

Napatutop sa bibig pati sina Yolly at Julian na papalapit para tingnan kung ano ang isinisigaw ng dalaga.

"Ninang, hindi ko ho iyon alam. Nang mahiga ako sa kama, walang ibang tao roon. Nang magising ako, naroon na siya. Pagkatapos pinagbabato niya ako ng unan at stuffed toys..."

"Eh, paano kang napunta sa kuwarte niya? Di ba, 'yung pangatlong kuwarte mula sa hagdanan ang sinabi ko sa iyo na tuluyan mo?"

"Kaya nga ho, Ninang. 'Yung third room naman ang pinasok ko."

"No, Hijo. Pangalawa pa lang 'yan dahil 'yung room na pinakamalapit sa hagdan ay study room at hindi iyon kasama sa bilang na sinabi ko sa iyo."

Napakamot sa batok ang lalaki. "I didn't know. I'm sorry."

“Ikaw naman, Fatima,” baling ni Doña Margarita sa dalaga. “Hindi mo man lang ba napansin na may iba pa lang taong nakahiga sa kama mo nang humiga ka kagabi?”

Napatungo siya. Hindi niya alam kung sasabihin ba niya sa matanda na lasing siya nang umuwi nang nagdaang gabi. Pero alam na pala nito ang tungkol doon.

“Ngayong umaga lang sinabi sa akin ni Yolly na umEEKIS raw ang lakad mo nang umuwi ka kagabi. Totoo ba ‘yon?”

Tumango siya.

“At kailan ka pa nagsimulang uminom? Two weeks lang akong nawala, ah.”

“Tita, hindi ko ho iyon naiwasan kagabi. Naimbita ho kasi ako sa shower party ni Patty, ‘yung anak ng AVP ng kompanya. Siyempre ho, hindi ako puwedeng maging KJ doon,” paliwanag niya.

“Eh, ikaw?” lingon nitong muli sa binata. “Hindi mo man lang din ba napansin na may nahiga sa tabi mo?”

Napakamot ito sa batok. “Pagod na pagod ho ako, Ninang. Napahimbing ho nang husto ang tulog ko.”

Napasapo sa noo ang matanda. “Hay naku! Ang mabuti pa’y ayusin n’yo na ‘yang mga sarili ninyo. Tingnan n’yo, ni hindi pa kayo nakakapaghilamos. Hala! Mag-ayos kayo ng inyong mga sarili at sabay-sabay tayong mag-aalmusal.” Binalingan nito ang

nakaantabay na katulong. "Yolly, ayusin mo na itong mga stuffed toys. Ibalik mo sa kuwarto ni Fatima."

Agad namang tumalima ang katulong habang ang binata ay kumilos pabalik sa kuwartong pinanggalingan.

"Hey! Ano pa'ng gagawin mo riyan?" sita ni Fatima. "Sinabi na ngang kuwarto ko iyan, eh!"

"Nasa loob pa ng kuwartong ito ang mga gamit ko," pormal na turan nito.

Nakahalukipkip na inirapan niya ito.

PAGKATAPOS NG AGAHAN, pormal na ini-introduce ni Doña Margarita ang dalaga at binata sa isa't isa. Sinabi nito sa inaanak na si Fatima ay isa sa mga scholars ng *Alejandro Aguirre Scholarship Foundation* na nang maulilang lubos ay kinupkop nito at pinatira sa Aguirre mansion, pinapag-aral hanggang sa makatapos ng college.

"Mabuti nga at napagpasyahan kong kupkupin siya noon," sabi pa ng doña. "Kung wala siya sa poder ko, baka kung ano'ng nangyari sa *Aguirre Enterprises* nang simulan kong indahin ang pagtanda. Matalino at mabait itong si Fatima kaya nga napagkakatiwalaan ko nang husto. 'Yun nga lang..." Nagkibit-balikat ito. "May pagka-happy-go-lucky ang batang ito."

Nakamatyag lamang si Fatima habang nakikinig sa pagsasalita ng matanda.

"Siya ang naging anak ko sa nagdaang mga taon,"

patuloy nito na bahagyang nabahiran ng lungkot ang mukha. Hindi siya nagtangkang sumabat, lalo na nang finally ay bumaling ito sa kanya para si Gerard naman ang ipakilala. “Siya naman ang inaanak ko na madalas ko ring mabanggit sa iyo noon, Fatima. Si Gerard.”

Tumango siyang sinulyapan ang lalaki, pero agad din niyang binawi ang paningin nang makita niyang ngumiti ito. Masama ang nangyari sa unang pagkakakilala nila at hindi niya iyon mababale-wala.

“Natatandaan mo pa ba ‘yung mga kuwento ko sa iyo tungkol sa kanya?” tanong ng doña.

“Matagal din kayong hindi napunta sa Bacolod,” sabad ni Gerard. “Ano’ng mga nasabi n’yo sa kanya tungkol sa akin?”

“Eh, di kung paano kitang naging inaanak. Sige nga, Fatima. Sabihin mo kung ano ang mga naikuwento ko sa iyo tungkol sa kanya.”

Pinigil lamang ng dalaga ang pagngiwi. “Na... inaanak n’yo siya sa kumpil at...” Tuluyan na siyang ngumiwi. “Napakarami ho niyon, Tita. Mas gusto ko ho sanang malaman kung ano na ang resulta ng lakad ninyo sa Bacolod,” pag-iiba niya sa usapan.

Hindi kalalimang buntong-hininga ang pinakawalan ng matanda. “Maayos na naman kahit papaano. Nalaman ko, sa tulong nitong si Gerard, na nasa Iloilo si Dinah.”

Nagliwanag ang mukha niya. “Talaga ho?”

Tumango ito. "Dinala siya roon ni Daniel," tukoy nito sa dating asawa.

"Pinuntahan n'yo na ba siya?"

"Hindi pa," iling nito. "Si Gerard pa lang ang napaparoon."

"Bakit hindi n'yo pa siya pinuntahan? Baka malaman na naman n'ong Daniel na nakita n'yo na sila at ilayo na naman sa inyo si Dinah."

"Hindi na mailalayo ni Ninong si Dinah," sabat muli ng binata. "Patay na si Ninong kaya nag-iisa na lang sa buhay si Dinah."

Saglit siyang natigilan. Nakita niyang mas lumalim ang lungkot sa mukha ng matanda. "I'm sorry ho, Tita," aniya habang nakahawak sa kamay nito.

Alam niya na kahit papaano ay negatibo ang epekto rito ng nabalitaang pagkamatay ng dating asawa. Si Daniel ang nag-iisang lalaking inibig nito. Ayon sa kuwento nito sa kanya, ang lalaki ay isang security guard lamang sa *Aguirre Enterprises*. Estudyante pa lamang noon ang babae nang magkakilala ang dalawa. Naging magkasintahan ang mga ito ngunit tinutulan iyon ni Don Alejandro kaya napilitan ang dalawa na magtanan. Sa Bacolod nagtungo at nagpakasal sa huwes ang mga ito.

Mahigit din tatlong taon na nagsama ang mag-asawa bago nagkaroon ng anak. Nang isilang si Dinah, saka lang nakapagpasya ang mga ito na magpakita kay Don Alejandro. Kasama ang pag-asang

sa tulong ng sanggol ay matatanggap na sila ng don, lumuwas ang mga ito ng Maynila.

Pero ang galit ng matanda ay hindi pa rin pala humuhupa. Nang makita nito ang anak ay gumawa itong muli ng paraan upang paglayuin ang dalawa.

Ang pinlano nito ay nangyari. Isang araw ay bigla na lang na nawala si Daniel. Iniwan nito ang asawa. At ang mas masaklap, dinala nito sa pag-alis si Dinah. Hindi naunawaan agad ni Margarita kung ano ang nangyari. Huli na nang malaman nito, mula na rin sa bibig mismo ng ama na nagtapat bago namatay, na binayaran nito ang lalaki ng isang milyong piso upang lumayo.

“Bakit ho hindi pa ninyo pinuntahan ang anak n’yo? Kung nag-iisa na lang siya sa buhay, mas madali ho ninyo siyang makukuha ngayon,” sabi ni Fatima habang hawak pa rin ang kamay ng matanda.

“Hindi iyon ganoon kadali.” Si Gerard ang sumagot. “Suwerte lang na isa sa mga kamag-anak ni Ninong Daniel ang nakaisip na pumasyal sa Bacolod. Sa pag-aakala n’on na hindi na nagagawi roon si Ninang, nasabi nito na nasa Iloilo nga sina Dinah at Ninong Daniel.”

“Paano n’yong nalaman na patay na ngayon ‘yung... si Tito Daniel?”

“Pinapunta ko nga si Gerard doon nang dumating ako sa Bacolod at sabihin nilang mag-ina sa akin na nasa Iloilo ang anak ko,” tugon ng matanda. “Siya ang

Muli niyang binalingan ang lalaki. "So, nakita mo na pala si Dinah."

"Yeah, I found her."

"Sinabi mo ba sa kanyang hinahanap siya ng mother niya?"

"No. Ayaw ko kasi siyang biglain. Marami-rami akong nalaman sa naging buhay niya. Iyon nga lang, karamiha'y hindi magaganda. Hindi mabuti ang background ng kanyang kabataan dahil hindi maganda ang environment na kinalakihan niya."

"Kailan n'yo siya kukunin, Tita?"

"Babalik kami ni Gerard sa Bacolod bukas. Pagkatapos ay tutuloy kami sa Iloilo. Lumuwas lang naman kami dahil kailangan kong kunin ang ilang katibayan na anak ko si Dinah."

"Gusto n'yo bang samahan ko kayo?"

"Salamat na lang, Hija, pero ayaw kong iwan mo ang kompanya."

"Don't worry about her," singit ng binata. "I'll take care of her."

"I hope na magiging maayos ang lahat, Tita."

"Sana nga, Hija. Sana, sa pagbabalik ko rito, kasama ko na ang anak ko," may magkahalong kalungkutan at pag-asam na saad ng matanda.

CHAPTER TWO

Bigating kompanya ang *Aguirre Enterprises*. Bilang kinatawan ni Margarita Aguirre-de Vega, si Fatima ang may hawak sa pinakamataas na posisyon doon. Pero iyon ay tuwing office hours lamang. Kapag tapos na ang trabaho, umaasta siyang tulad sa isang ordinaryong tao.

“Fatima, bakit hindi ka pa nagbibihis?” sabi ng babaeng nakasilip sa kanyang opisina. “Mayamaya lang aalis na tayo, ah.”

Tumayo siya sa kanyang swivel chair, saglit na inayos ang suot niyang corporate attire at saka lumabas ng opisina. “Hindi pa ako nakakapag-decide kung sasama ako sa inyo, Libby.”

“What do you mean?”

“Dumating na si Tita Margarita, eh.”

“So what? Dati naman nating ginagawa ang lumabas ng gabi kahit nariyan siya, di ba?”

“Yeah, pero alalahanin mo na nakainom ako nang umuwi kagabi. Baka isipin ni Tita Margarita na sumosobra na ako.”

“Come on!” Siniko siya nito. “Bakit, hindi mo naman napapabayaan ang kompanya, ah? *Aguirre Enterprises* is doing well.”

Noon naman ay papalapit ang isa pang

empleyada, si Michi. Naka-casual attire na ito. "Hey! Fatima, Libby! Ano pa'ng ginagawa ninyo? Magbihis na kayo, aalis na tayo," salubong nito sa kanila. "*Bistro RJ* is waiting for us."

"Eh, ito kasing si Timay, wala yatang balak na sumama sa atin," ani Libby.

"What? Ow, come on! Ikaw pa, si Fatima Santamaria, hindi sasama sa *Bistro*? Imposible yata iyon, ah!"

"Look, it's still early, ano!" sabi niya.

"Pero hindi naman tayo tutuloy agad sa *Bistro*, eh." Humilig si Michi sa kanya. "Julius called me. Iniimbitahan niya tayo sa place niya kaya doon muna tayo pupunta. Itinanong nga niya sa akin kung sasama ka, and I said yes."

Napataas ang kilay ng dalaga. "Bakit naman niya itinatanong?"

"Obviously, gusto ka niyang makita ulit at makasama after about two years na hindi kayo nagkita."

Nagkibit-balikat siya. Sa pagsama-sama sa mga kaibigan, nakilala ni Fatima ang punk na si Julius dalawang taon na ang nakakaraan. Anak ito ng isang kilalang pulis-Maynila. Naging boyfriend niya ito sa loob ng ilang buwan pero nang minsang magtangka itong isama siya sa motel, nagkasira sila. Mula noon ay hindi na sila nagkita.

Pagkalipas ng dalawang taon, aksidenteng

nagkatagpo silang muli sa isang disco. Nagpakita ito ng interes na makipagbalikan sa kanya pero wala na siyang anumang nararamdaman para rito.

“Ano? Halika na, magbihis na tayo,” pangungulit ni Libby.

“No, hindi talaga ako makapag-decide. Para kasing wala akong ganang lumabas ngayon, eh,” paliwanag niya.

“Come on, hindi mo ba gustong makita ulit si Julius?” tanong naman ni Michi.

Napaingos siya. “Kung siya lang ang magiging dahilan, hindi ninyo ako makukumbinsing sumama sa inyo.”

“Hmm... akala ko ba ang mga tulad niyang punk ang tipo mo?” tukso nito.

“Oo nga,” susog ni Libby. “Di ba, hindi ka nagkaroon ng ibang relationship after you broke up with him? Isn’t that a big sign na siya pa rin diyan sa puso mo? Baka naman ayaw mong ma-realize iyon kaya ayaw mo, or shall I say umiiwas ka na makasama siya. Natatakot ka na—”

“Wala akong kinatatakutan, okay?” putol niya sa sinasabi ng kaibigan. “Sige, para wala kayong isiping kung anuman, sasama ako.”

“All right!” nasisiyahang sambit ni Libby. “So, what are we waiting for? Magbihis na tayo.”

Babalik na sana si Fatima sa kanyang opisina pero isang boses ng lalaki ang pumigil sa kanya.

"Excuse me."

Sabay-sabay na napalingon ang magkakaibigan.

"Gerard, what are you doing here?" takang usisa niya.

"Sinusundo kita," tugon ng lalaki.

"Kaya pala ayaw na niya kay Julius, eh. May iba na pala siyang taga-sundo," bulong naman ni Libby.

"Pero hindi ang tipo niyan ang type ni Timay. I should know dahil matagal na rin kaming magkaibigan," sabi ni Michi.

Nakakunot ang noong lumapit siya nang bahagya sa lalaki. "Did I hear you right? Sinusundo mo 'ika mo ako?"

"Yes, you heard me right."

"Well, I don't know kung saan mo nakuha ang idea na gawin iyan." Nagkibit-balikat siya. "Maybe from Tita Margarita. Pero hindi mo ako puwedeng sunduin dahil hindi kita binigyan ng permiso. Besides, may lakad kami ng mga kaibigan ko. Oh, by the way, mabuti na rin at naparito ka. Pakisabi mo kay Tita Margarita na medyo mali-late ako ng uwi." Pagkasabi niyon ay binirahan niya ito ng talikod.

"Wait!" habol nito sa kanya. "Hindi ako uuwi nang hindi ka kasama, okay?"

Muli niya itong hinarap at saka namaywang. "What did you say?" naniningkit ang mga matang tanong niya.

"I said, hindi ako uuwi nang hindi ka kasama."

Ipinasok ng binata ang kamay sa bulsa ng suot na slacks at saka nagpaliwanag. "Listen, it's not my idea na sunduin ka. Si Ninang ang may utos nito sa akin."

"At bakit naman ako ipasusundo sa iyo ni Tita? She's aware that I can drive my own car. At alam ko naman ang daan pauwi ng bahay. Mas alam ko pa nga kaysa sa iyo because I grew up here."

"Iyon ay kung talagang pauwi ka na. Yes, she's aware that you can drive. Pero aware din siya na sa pagda-drive, kung minsan, kung saan-saan mo ipinipihit ang manibela."

Napadilat nang husto ang mga mata ng mga kaibigan habang halos magtagis naman ang mga ngipin niya sa inis. "Who the hell do you think you are, ha? What do you know about me?"

"I know a lot of things about you. Nakalimutan mo na ba na kaninang umaga lang sinabi sa akin ni Ninang ang maraming mga bagay tungkol sa iyo?"

Nakasimangot niyang binalingan ang mga kaibigan. "Well, Ladies, I think wala na akong magagawa. Pinadalhan na ako ni Tita ng nanny, eh. Kayo na lang ang tumuloy. Enjoy yourselves."

"Wait, Tita. Hindi mo ba kami ipapakilala sa kanya? I don't want to miss the opportunity to meet someone like him," pabulong na request ni Michi.

"He's so gorgeous!"

"This is Gerard—"

"Gerard Tierra," salo ng lalaki. "Inaanak ako ni

18 *My Heart Belongs To You*
Margarita Aguirre-de Vega." Kinamayan nito ang mga babae.

Mayamaya pa ay ilan pang kaibigan niya ang nagsipagdatingan. Ipinakilala rin niya ang mga ito sa lalaki.

Tuwang-tuwa naman ang lokong ito, ismid ni Fatima sa magiliw na pakikiharap ng lalaki sa mga kaibigan niya. Dahil sa pag-irap niya, hindi niya napansin na nakabaling na sa kanya si Gerard.

"I want you to know that I am not your nanny," mahinang sabi nito. "Now, bababa na ako. I'll wait for you in the car. In five minutes, kailangang naroon ka na dahil kung hindi, pagbibigyan kita. Aalis ako at ako ang bahalang magsabi kay Ninang na ayaw mong sumama sa akin." Umatras ito ng ilang hakbang, nagpaalam sa mga babae bago tumalikod.

"See you soon, Gerard," sabi ng mga babae.

Lumington ang lalaki, ngumiti at saka nagpatuloy sa paglakad.

"MARAMI KA PALANG KAIBIGAN," sabi ni Gerard nang nasa kotse na sila on their way home.

"Marami nga," ani Fatima na sa labas ng bintana ng kotse nakatuon ang paningin. "Actually, hindi lang iyong mga nakita mo na kausap ko ang mga kaibigan ko. Marami pang iba."

"Sila ang kasa-kasama mo sa mga lakad mo?"

"Yes. Katulad ng sinabi ni Tita Margarita, happy-

go-lucky ako. Inaamin kong kung saan-saan ako nakakarating kaya marami akong mga kaibigan.”

You're not my type kung ganoon, naisip ng binata. Sa kilos, pananalita at pananamit, napuna nito na talagang moderna siyang babae. Kabilang sa mga babaeng sa sariling paniniwala ni Gerard ay hindi nito pag-aaksayahan ng panahong kaibiganin man lang.

“Bakit ba ako naisipang ipasundo ni Tita Margarita?” tanong ng dalaga pagkuwan.

“Baka daw maisipan mong pumunta sa kung saan at gabihin ka sa pag-uwi. Marami siyang gustong ipagbilin sa iyo. Kung hindi ka niya makakausap ngayon, hindi ka na rin niya makakausap bukas dahil maagang-maaga ang alis namin.”

Lihim siyang napangiti. *Mabuti naman at aalis na ang isang ito*, aniya sa sarili.

“Galit ka ba sa akin dahil sa nangyari kagabi?” pagkuwa’y tanong nito.

Umismid siya. “Alangan namang matuwa pa ako roon.”

“Pero hindi ko iyon kasalanan. I have already explained my side.”

“I don’t believe you, do you know that? Sinadya mong matulog sa kuwarto ko,” akusa niya. “At alam mo na babae ang may-ari n’on dahil punung-puno iyon ng stuffed toys. Isa pa, puro gamit na pambabae ang naroroon.”

“Nawalan na ako ng panahon na pansinin pa iyon.

As I said, pagod na pagod ako. Nang umalis kami ni Ninang sa Bacolod, kababalik ko lang noon galing sa one week kong paglilibut-libot sa Iloilo. Wala akong pahinga kaya nang makakita ako ng kama, walang ibang pumasok sa isip ko kundi ang matulog.”

Parang nang-iinsultong tinawanan niya ang lalaki. “Kawawa ka naman. Eh, bakit nag-aksaya ka pa ng panahong puntahan ako sa opisina? Sana, namahinga ka na lang.” Lihim siyang ngumuso pagkasabi niyon.

“Oh, I would rather have done that if I had a choice,” sarkastikong saad nito. “Kung hindi utos ni Ninang, walang-wala sa isip ko na sunduin ka.”

“Lahat ba ng utos niya sinusunod mo?” ingos niya. “Mabuti hindi nagrereklamo ang asawa mo.”

“Bakit? Nagrereklamo ba ang boyfriend mo sa mga iniuutos sa iyo ni Ninang?”

Umismid siyang muli. “Wala akong boyfriend.”

“Wala rin akong asawa, ni girlfriend,” mahinang banggit nito.

“Mapili ka sigurong masyado,” nasabi niya.

“Oo. May pamantayan ako.”

“Really? At ano naman ang criteria mo sa pagpili ng babae?” Alam niyang hindi niya dapat na itinanong iyon lalo na at hindi pa naman masasabing talagang magkakilala na sila nito, pero na-curious siya.

“Ang gusto ko’y tulad ng mama ko,” simpleng tugon nito. “Mabait, mahinhin, simple. Iyong

babaeng-babae in the real sense of the word."

Lumabi siya. "Naku! Mahihirapan kang makakita ng ganyang babae."

"Eh, ikaw? Bakit wala ka pang boyfriend? Sa dami ng mga kaibigan mo at ng taong nakakakilala sa iyo, wala man lang bang nag-a-attempt na ligawan ka?" Pagkasabi niyon ay sumulyap ito sa kanya.

"Marami nga, eh." Hindi siya nagsisinungaling sa puntong iyon. "Wala lang akong matipuhan."

"Mapili ka rin pala kung ganoon."

"Medyo," kibit-balikat niya. "Pero hindi mabigat ang criteria ko gaya ng sa iyo. May mga ilang bagay lang akong iniaayaw sa lalaki. Tulad halimbawa ng masyadong pormal at seryoso. Nakakaalangan silang mga klase ng tao."

Kabilang sa mga taong tinutukoy niya si Gerard at alam nito iyon. *Kung ganoon, talagang magka-opposite kami ng babaeng ito, naisasip nito.*

PULOS TUNGKOL SA NEGOSYO ang ipinagbilin ni Doña Margarita kay Fatima. Walang katiyakan kung kailan ito makakabalik. Pero kahit hindi pa siguradong maisasama nito ang napawalay na anak, ipinaayos na nito ang isang kuwarto sa mansion.

Pag-alis ni Gerard, nagagawa na niya ngayong ngumiti kapag naalala ang una nilang encounter. Nakangiti nga siya nang mapasukan ni Libby sa kanyang opisina. May hawak itong pumpon ng mga

bulaklak.

"Hmm... may dahilan ba ang ngiting iyan?"
bungad nito.

"Siyempre, alangan namang ngumiti ako nang walang dahilan. May naaalala lang ako," bigkas niya. "Para kanino ang mga bulaklak na iyan?"

"Para sa iyo raw. Nakasalubong ko 'yung nag-deliver sa labas ng office mo. Ni-receive ko na para sa iyo. Kanino ba ito galing? Doon ba sa kasama mo kahapon?"

"Impossible. Nasa Bacolod na iyon ngayon." Inabot niya ang bulaklak. "Kay Julius galing," aniya nang mabasa ang message.

Gumuhit ang excitement sa mukha ng babae. "Really? Taong iyon, hindi nagkasya sa pasabi."

"Anong pasabi?" kunot-noong ulit niya.

"Well, as you know, magkakasama kami kahapon. He asked me to tell you na gusto ka raw niyang i-date!" May kasamang tili ang pagkukuwento nito.

Umingos siya. "Dapat sinabi mong hindi ako sasama sa kanya kahit na saan."

"Bakit ko naman sasabihin 'yon? Ang sinabi ko sa kanya ay kung bakit hindi ka nakasama sa amin kahapon. Sinabi kong may ibang sumundo sa iyo. By the way, saan nga pala kayo nakarating n'ong sundo mo kahapon?"

Pinandilatan niya ito. "Saan? Eh, di sa bahay."

"You mean, hindi ka niya dinala sa kung saan?"

mukhang dismayadong turan nito.

“Ano ba’ng akala mo sa akin? Palagay mo ba, kung dadalhin niya ako sa kung saan, sasama ako sa kanya? Hindi, ‘no! Besides, hindi mo ba narinig? Inutusan lang iyon ni Tita Margarita na sunduin ako.”

Nagkunwa si Libby na nanlumo. “Oh, sayang naman. Mukha pa namang bagay kayo sa isa’t isa.”

Napataas-kilay siya. “What? Paano mong nasabi?”

“Tingin ko lang,” nakakibit-balikat na tugon nito, pagkatapos ay makahulugang tumingin sa kanya.

“Tell me, do you like him?”

“Hindi, ah!” mabilis na tanggi niya, sabay tayo at naghalukipkip. “Conservative ang taong iyon. At wala sa akin ang katangian ng ideal girl niya. Isa pa, hindi na iyon babalik dito sa Manila. Tinutulungan lang naman niya si Tita Margarita. Kapag tapos na ang tungkulin n’on, mananahimik na iyon sa Bacolod.”

“So... di bumalik ka na lang kay Julius,” mungkahi ng kaibigan.

Saglit niyang tinapunan ng sulyap ang mga bulaklak at saka napaismid.

CHAPTER THREE

Ang katangian ng ideal girl ni Gerard na hindi niya nakita kay Fatima at sa iba pang babaeng nakilala ay waring nakita niya kay Dinah.

Kimi ito, mahinhing kumilos, palaging nakatungo at hindi halos ngumingiti. Kung pagbabasehan iyon, para tuloy ayaw na niyang maniwala sa mga naunang nalaman tungkol dito.

“Ngayong alam mo nang buhay ang iyong mama at hinahanap ka niya, ano’ng masasabi mo, Dinah?” tanong niya.

“Ewan ko, hindi ko alam,” anitong mas nagpakatungu-tungo pa. Halos tumabing na ang mahaba nitong buhok sa mukha nito. “Hindi ko kasi inaasahan na makikita ko pa siya.”

“Sinabi ba ng papa mo sa iyong patay na ako?” Ang doña na mismo ang nagtanong. Nang hindi kumibo si Dinah ay kumilos na ang matandang babae. Lumapit ito at hinawakan ang kamay ng anak. “Buhay pa ako, Anak. At matagal kitang hinanap...”

“Saksi ako sa bagay na iyan,” pagpapatotoo ni Gerard. “Matagal na inasam ng iyong mama na makita ka at makasamang muli.”

“Kung ganoon, bakit ninyo ako pinabayaan?” May panunumbat sa tinig ng dalaga.

Napahikbi ang matanda. “Hindi ko iyon gustong gawin. Pero hindi ako binigyan ng pagkakataon ng papa mo,” pahayag nito. Wala itong balak na sabihin ang totoong dahilan ng kanilang pagkakalayo. Ayaw nitong sirain ang asawa sa paningin ng anak.

Tumayo si Dinah at dumungaw sa bintana ng bahay na yari sa pawid na siyang tirahan nito. “Ganoon lang ba iyon sa akala ninyo? Hindi n’yo alam ang hirap na dinanas ko. Noong una maraming pera si Papa, natatandaan ko. Pero nang tumagal, nawala iyon. Naghirap ako nang husto sapul sa pagkabata, samantalang kayo...”

“Kaya nga gusto kitang makita, Hija. Bago ako mawala sa mundong ito, gusto kong maibigay ang lahat ng dapat ay naibigay ko sa iyo.”

Saglit na natahimik ang dalaga. “Kukunin ninyo ako rito at iluluwas ng Maynila?” pagkuwa’y tanong nito.

“Oo, Hija. At sana’y sumama ka.”

Muling tumungo si Dinah. “Wala kong alam sa Maynila. Ni minsan mula nang magkaisip ako, hindi pa ko nakarating sa lugar na iyon.”

“Oo, dahil sanggol ka pa lang nang umalis kayo ng papa mo roon. Pero huwag kang mag-alala. Narito naman ako. Poprotektahan kita.”

Nagtaas ng tingin ang dalaga na anyong nag-iisip kaya nagkaroon ng pagkakataon si Gerard na sipatin ang mukha nito. Kung maaayusan ito nang tama,

maaaring gumanda rin ito na tulad ni Fatima, naisip niya.

"Hija, sumama ka na sa akin," pakiusap ng doña. "Hindi ka dapat na mamuhay nang nag-iisa. Mayroon kang pamilya. Narito ako, ang iyong ina."

Rumehistro ang pag-aalinlangan sa mukha nito. "P-paano itong bahay? Iniwan ito sa akin ni Papa."

"Aanhin mo ito? May bahay ka sa Maynila, malaki at maganda. Doon ay magiging maayos ang buhay mo," pangungumbinsi pa ng ginang.

Sa isang taong dumanas ng hirap, ang pangako ng maalwang buhay ay talagang nakakaakit. Iyon ang nasa loob ni Dinah kaya dagli itong pumayag sa mungkahi ng ina.

"HI, BABY!" nakangising bungad ni Julius sa opisina ni Fatima. Isang pumpon na naman ng bulaklak ang bitbit nito. This time, sinamahan na rin nito iyon ng imported chocolates.

Lihim na napabuntong-hininga ang dalaga.

"Flowers and chocolates for you," anito habang iniaabot sa kanya ang mga dala.

"Thanks," walang ganang turan niya. "Hindi ka na sana nag-abala."

"Hindi pag-aabala 'yan."

Sa iyo siguro, sa loob-loob niya, pero ako ang inaabala mo. Tumayo siya at lumabas mula sa likuran ng kanyang desk. "Ano'ng balita?"

“Wala naman, walang bago,” nakakibit-balikat na tugon nito. “Actually, naisip ko lang na personal na kitang puntahan. Para kasing hindi ipinararating ng mga kaibigan mo ang mga pasabi ko. Ilang beses kong ipinagbilin na gusto kitang makausap pero hindi mo ako tinatawagan sa telepono.”

“Baka nakakalimutan nilang sabihin,” sabi na lang niya. Pero ang totoo ay lahat naman ng pasabi ng binata ay nakakarating sa kanya. Ayaw lang talaga niya itong pagbigyan. “Tulad ko kasi, busy rin sila kapag nakaharap na sa trabaho.”

Nagkibit-balikat ito. “Well, naisip ko nga ‘yan kaya narito ako para personal na sabihin sa iyo ang mga ibinilin ko sa kanila,” kampanteng pahayag nito.

Hindi siya nagpahalata ng pagkabagot. “Like what?”

“Gusto kitang yayaing mag-dinner. Palagay ko kasi’y hindi mo na type ang *Bistro* dahil hindi ka na sumasama sa mga friends mo. Well, hindi tayo doon pupunta kung—”

“Julius, wait a minute,” pigil niya sa mga sinasabi nito. “Marami kasing iniatang na trabaho sa akin si Tita Margarita ngayon. Busy ako at wala akong oras sa paglabas-labas. Maybe some other time, okay?”

Parang hindi kontento sa excuse niya, dahan-dahang lumapit sa kanya ang lalaki. “Bakit ba parang iniiwasan mo ako, ha, Timay? Two years tayong nagkahiwalay, di ba? Hindi mo ba alam na miss na

miss kita?" anito habang kino-corner siya.

"Julius, please!" palag niya.

"Don't tell me na hanggang ngayon magpapakipot ka pa rin sa akin. Baby, you're a liberal woman, aren't you?" Hinawakan nito ang magkabilang balikat niya. "Bakit ba nagpapaka-conservative ka, eh, hindi naman?"

Malakas niya itong itinulak. "Binabastos mo na ako, ah!"

Magri-react pa sana ito ngunit biglang bumukas ang pinto ng opisina. Nakahinga nang maluwag ang dalaga. Natabunan ng tuwa ang kanyang pagkabigla.

"G-Gerard!" bulalas niya.

"I'm sorry. Nakaistorbo yata ako," sabi nito.

"No! Wala naman kaming ginagawa, eh. I mean, nag-uusap lang kami," paliwanag niya. "Julius, siya si Gerard, inaanak ni Tita Margarita. Gerard, si Julius." Huminto siya roon dahil hindi niya alam kung ano ang idudugtong. Isa pa, mainit pa rin ang ulo niya dahil sa ginawa ni Julius.

Inilahad ni Gerard ang kanang palad for a handshake ngunit hindi iyon pinansin ni Julius. Sa halip, kumilos ito upang lumabas ng opisina.

"Babalik ako, Timay. Mag-uusap ulit tayo," sabi nito bago tuluyang lumabas ng silid.

Nagkibit-balikat si Gerard. "Isa siya sa mga kaibigan mo?"

"Hindi," kaswal na tugon niya. "Kakilala ko siya

pero hindi ko masasabing kaibigan.”

“So, hindi pala lahat ng kakilala mo ay kaibigan mo.”

“Siyempre.” Bumalik siya sa kanyang upuan.

“Bakit ka nga pala narito? Ano’ng nangyari?”

“Sinusundo kita ulit, sa utos ni Ninang. Nasa mansion na siya, kararating-rating lang namin.”

Napatingin siya sa mukha nito. “K-kasama n’yo ba si Dinah?”

“Yes. Gusto ni Ninang na makilala mo siya kaya narito ako para nga sunduin ka.”

Hinagilap niya ang kanyang backpack. “Bakit nagpunta ka pa rito? Dapat tinawagan n’yo na lang ako.”

Nagkibit-balikat na naman ito. Ang totoo, hindi naman ito talagang inutusan ng doña para sunduin siya. Suhestyon nga ng matanda na tawagan na lang siya pero ito mismo ang nag-volunteer na sunduin ang dalaga. “Well, let’s go.”

NASA LOOB NG KUWARTO ni Doña Margarita ang anak nang dumating sina Gerard at Fatima.

“Inaayusan ni Ma’am Margarita ang anak niya,” salubong ng katulong na si Yolly. Pabulong nito iyong sinabi sa dalaga. “Pero sa tingin ko, matagal-tagal na ayusan bago talagang maayos ang hitsura n’on.”

“Bakit naman?” kunot-noong tanong niya.

“Old-fashioned kasi at... alam mo na, laking

probinsya."

"Pero laking-probinsya rin naman ang isang iyon, di ba?" aniyang ininguso si Gerard na nakatayo sa sala di-kalayuan sa kanila.

"Oo, pero ang Bacolod ay city naman kahit papaano. Eh, 'yung anak ni Ma'am, dinig ko sa kabundukan ng Iloilo nila iyon natunton, eh."

"Tumahimik ka nga," bahagyang siko niya sa kausap. "Mamaya mo may makarinig sa iyo at makarating kay Tita 'yang pinagsasasabi mo, lagot ka."

"Huu! Ikaw lang naman ang nakakarinig, eh."

Pagtingala niya sa punong hagdan, nakita niyang pababa na ang doña, akay ang isang babaeng sa tantya niya ay mas bata ng dalawang taon sa edad niyang twenty-six.

"Kumusta, Tita?" bati niyang nakatingala pa sa mga ito.

"Fatima, dumating na pala kayo," bati ng matanda. "Where's Gerard?"

"I'm here, Ninang," sabi ng lalaki na papalapit na rin.

Humalik muna ang dalaga sa pisngi ni Doña Margarita bago binalingan si Dinah. "Siya ba ang anak n'yo?"

"Oo, si Dinah. Anak, siya 'yung binabanggit ko sa iyo, si Fatima," pagpapakilala ng matanda sa dalawa.

"Hi, Dinah. Natutuwa ako at nakilala rin kita nang

personal, at last," nakangiting saad niya.

"Ikaw pala ang ampon ng mama ko," sabi nito.

Saglit na natigilan si Fatima. Dati naman niyang naririnig ang salitang iyon at bale-wala iyon sa kanya, pero coming from Dinah's mouth, tila bigla niyang ininda iyon. Mukha naman itong tahimik, puna niya. Mahinhin at tipid pa kung ngumiti. Pero hindi niya maintindihan kung bakit kakaiba ang nararamdaman niya sa pailalim nitong sulyap sa kanya.

Bigla siyang nakaramdam ng curiosity na sipatin ang mukha nito. Kakaunti ang hawig nito sa ina. Halos wala nga kung susuriing mabuti. At tama ang sinabi ni Yolly, may pagkamanang nga ito. Ang suot nitong bestida ay lagpas-tuhod, nakapusod ang may kahabaang buhok at palaging nasa ibaba ang tingin.

"Yolly, ipagdala mo nga kami ng merienda sa garden," pagkuwa'y utos ng doña sa katulong, pagkatapos ay binalingan ang anak. "Puwede kang maglibut-libot dito sa bahay, Hija, para maging familiar ka sa paligid. Basta huwag ka lang lalabas ng bakuran."

"Sige, maglalakad-lakad muna nga ako."

Tumango ito at saka tinapunan ng sulyap si Gerard—na sinagot naman ng ngiti ng binata—bago lumayo.

"Hay, ang anak ko, kawawa naman," naiiling na sabi ng matandang babae habang ikinakapit ang magkabilang kamay sa mga braso nina Gerard at Fatima. Magkakaagapay silang pumunta sa hardin.

"Hindi ba dapat nagpapahinga kayo, Tita?" anang dalaga.

"Hindi kailangan. Pagkagaling namin sa Iloilo, nakapag-stay pa kami ng two days sa Bacolod kaya hindi kami pagod. Ang biyahe namin kanina ay bale-wala lang."

"So, wala pa lang makakatulog sa kuwarto ng may kuwarto ngayon."

Natawa ang binata sa parunggit niya. "Hindi mo pa pala nakakalimutan iyon."

"Hindi pa nga," bigkas niya. Paano ba niyang makakalimutan ang kakatwang pangyayaring iyon gayong halos araw-araw ay laman iyon ng isip niya?

"Ito ring si Gerard, hindi iyon makalimutan. Halos maya't maya rin kung mabanggit iyon kay Mareng Minerva," pambibisto ng matanda. "At tawa naman nang tawa ang kanyang mama."

Parehong na-conscious ang dalawa. Ibinunton na lang ng dalaga ang pagkaasiwa sa cookies na inilapag ni Yolly sa mesa kasama ng mga baso ng fresh pineapple juice.

"Mukhang marami akong kailangang baguhin kay Dinah," saad ng ginang. "Tila masyado siyang mahiyain, alangang makiharap sa mga tao, at makaluma."

"Hindi naman masamang ganoon siya, Ninang," komento ni Gerard. "Babae naman siya at mas mabuti sa isang babae ang mahiyain."

Umiral na naman ang pagkakonserbatibo ng taong ito, sa loob-loob ni Fatima.

“Pero gusto ko siyang makitang nakataas ang noo at may self-confidence. Dapat na makita iyon sa kanya dahil anak ko siya.”

Inayunan niya iyon. “Tama kayo riyan, Tita. Walang mababakas na self-confidence sa taong laging nakatungo.”

“I disagree,” kontra ng binata. “Ang self-confidence at kakayahan ng isang tao ay hindi nakikita sa pagtaas ng noo. Nasa gawa iyon.”

“Speaking of gawa,” sabi niyang umayos ng pagkakaupo, “mukhang mali ang information na nakuha ninyo noon tungkol kay Dinah. Ang sabi n’yo, marami siyang nagawang hindi mabuti lalo na sa school. Eh, mukha namang hindi niya kayang gumawa ng masama. Masyado siyang mahinhin at tila hindi makakapisa ng kamatis.”

“As I’ve said, hindi nakikita ang gawa sa panlabas na hitsura. Isa sa mga teachers niya ang nagsabi sa akin ng lahat ng tungkol sa kanya,” turan ng binata. “Kabilang na doon ang minsang pag-seduce niya sa isang teacher na lalaki para makapasa sa kanyang subject.”

Napadilat nang husto ang mga mata niya sa labis na pagkagulat sa sinabi nito. Ang binata naman ay tila biglang nagsisi sa nasabi.

“I... I’m sorry, Ninang,” paumanhin nito. “Hindi

ko na nga pala dapat pang nabanggit iyon."

"Hindi bale, Hijo," anang butihing matanda.

"Pinagkakatiwalaan ko naman si Fatima. Mas makabubuti nga sigurong malaman niya ang lahat tungkol kay Dinah."

"Kahit na nagawa niya ang mga bagay na iyon noon, maaaring dahil nasa edad na siya ngayon ay nagbago na siya," komento niya.

Nginitian siya ng doña. "Maaaring tama ka riyan, pero mas gusto ko siyang magbago pa at matuto ng maraming bagay."

"Puwede ko kayong tulungan hanggang sa bagay na iyan, Ninang," singit ng lalaki.

"Thanks, Gerard. Pero mas gusto kong unahin mong harapin ang plano mong pagtatayo ng branch ng family business ninyo rito sa Maynila. Kailangan mo iyong pagplanuhan at ayaw kong mag-aksaya ka ng panahon dahil sa amin."

Magtatagal siya rito, naisip ni Fatima. At hindi niya mawari kung bakit tila ikinatutuwa niya iyon. "Uhm, Tita..." untag niya sa matanda. "Puwede kong turuan si Dinah ng mga gusto ninyong matutunan niya."

"Ikaw talaga ang gusto kong gumawa niyon. Ang inaalala ko ay baka maabala ang trabaho mo."

"Don't worry. Alam n'yo naman na kaya kong hatiin ang oras ako."

"Pero tiyak na may masasakripisyo. Willing ka bang i-sacrifice muna ang oras na nakalaan sa mga

kaibigan mo? Sa night life mo?"

Hindi na niya sinabi na ilang gabi na rin siyang hindi sumasama sa mga kaibigan dahil ayaw niyang makasama si Julius. "Okay lang ho iyon, Tita. For sure, hindi naman aabot ng kung ilang taon at matututunan na ni Dinah ang lahat ng dapat niyang matutunan."

"Sige, ipinaubaya ko sa iyo ang anak ko."